

## Mga May-akda

---

**Jose Duke S. Bagulaya** is a native of Tacloban City. He attended the VisWrite Creative Writing Workshop and the UP Creative Writing Workshop in 2000 and 2001 respectively. He is presently Assistant Professor at the University of the Philippines Diliman, where he teaches literary theory, Chinese literature, and law and literature. He holds a Bachelor of Laws, an MA in Comparative Literature, and a BA in Communication Arts. He has published a number of scholarly articles dealing with law, film, media studies, and literary criticism. His book *Writing Literary History: Mode of Economic Production and 20th Century Waray Poetry* (UP Press, 2006) was shortlisted for the National Book Award.

Before his entry into the field of culture, the author was once elected to a public office in Tacloban City, a position which introduced him to the world of local politics. Since 1996, he has worked as a campaign coordinator and as consultant on political organizing. His poems are rooted in his long experience of electoral campaigns and day to day political life in Leyte, where his mother also served as Provincial Governor and Vice-Mayor of Tacloban City.

Aside from his political and academic work, the author is also a practicing attorney. He has defended Philippine Airlines Employees Association (PALEA) and artist Carlos Celdran in appellate courts. He usually handles civil, labor and land reform cases for the alternative law firm Dellosa Mendoza Bag-ao & Manuel.

Si **Vladimeir “Vlad” Gonzales** ay guro ng malikhain pagsulat, panitikan, at kulturang popular sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Naging bahagi rin siya ng Kagawaran ng Filipino sa Ateneo de Manila University. Nagkamit siya ng ilang mga gawad sa National

Commission for Culture and the Arts at Carlos Palanca Memorial Awards, at naging fellow para sa iba't ibang palihan sa malikhain pagsulat. Aktibo siya sa pagsusulat para sa mga online at print na publikasyon, gaya ng kanyang koleksyon ng mga sanaysay para sa Milflores Publishing at ang Website/ photoblog niyang vladgonzales.net. Mula 2006 hanggang sa kasalukuyan, nakapagsulat siya ng mga adaptasyon ng dula. Noong 2013, itinanghal ng Dulaang UP ang Adarna, isa sa mga adaptasyong nalikha ni Gonzales.

Si **Pauline Mari Hernando** ay Assistant Professor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kaniyang Doktoral sa Panitikan. Mababasa ang ilan sa kaniyang mga akda sa Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia, Malay Research Journal, Daluyan, Sawikaan at The Literary Apprentice. Naging bahagi siya ng Gabriela Network of Professionals at kasapi ng All UP Academic Employees Union, Pilandokan / Pembansang Samahan sa Pananaliksik para sa Panitikang Pambata, Supling Sining, at Philippine Studies Association.

Si **Camillo Nogoy** (pilosopo2001@yahoo.com) ay isang Assistant Professor mula sa Departamento ng mga Wikang Europeo. Nagtapos siya ng AB Philosophy sa Pamantasang Ateneo de Manila noong 2004 at ng MA French (Translation Track) sa Unibersidad ng Pilipinas noong 2014. Bago siya nagturo para sa Unibersidad ng Pilipinas, siya'y naging Teaching Assistant para sa Kagawaran ng Pilosopiya ng Loyola Schools ng Ateneo de Manila at naging Lecturer ng European Studies Program ng parehong pamantasan.

Nailathala ang kanyang sulating pinamagatang "Interconnected" sa *Youngblood* ng pahayagang Philippine Daily Inquirer noong 2002. Ang kanya namang papel na "Pagsasalin ng

Home Page ng Facebook sa Filipino” para sa klaseng Fil ay naisama sa aklat na Pagsasalin: Teorya at Praktika sa ilalim na patnugot nina Aurora Batnag at Lilia Antonio. Ang kanyang mga salin para sa journal na ito ay nagmula sa kanyang travail dirigé na isinulat bilang bahagi ng kanyang kursong pang-gradwado na Français 298.